

## **Mga Pamantayan sa Pagsasagawa ng Pananim Panaklob ng Sunn Hemp (*Crotolaria juncea*), Buckwheat (*Fagopyrum esculentum*), o Oats (*Avena sativa*)**

### **Mga Hangarin o Layunin ng Paggamit ng Pananim Panaklob:**

Pagandahin ang kalidad ng lupa (palaguhin ang organikong bagay sa lupa at pagkilos ng aghambuhay, palaguhin ang pagkakaroon ng phosphorus, at palabasin ang nitroheno na galing sa bukid mismo)  
Bawasan ang pagkaagnas ng lupa at ang paglatak nito sa mga ilog o sa mga tubig na malapit sa dagat  
Pangasiwaan ang peste upang pigilan ang mga sukal na damo at mga sakit na dala ng lupa  
Akitin ang mga nakakabuting insekto (mga sadyang kalaban ng mga insekto, mga pukyutan)  
Bawasan ang mga gastos (abono, pestisidiyo o pamatay-kulisap, gas o panggatong)

**Paghahanda ng Lugar:** Ihanda ang bukid sa pamamagitan ng pag-alis ang mga sukal da damo at pagsudsod, o iba pang mga paraan, linisan ang lugar na pagtatamnan ng mga napiling (mga) tanim panaklob.

Ang mga pamatay-damo (herbisidiyo), gaya ng mga produkto ng glyphosate, ay maaring gamiting pamuksa sa mga sukal sa bukirin bago itanim ang pananim panaklob. Huwag itanim ang mga pananim panaklob sa loob ng 7 na araw pagkatapos ilagay ang mga pamatay-damo, dahil kung gawin ito, masisira o mamamatay ang mga sumisibong na punla.

**Sukat ng Pagpupunla:** Sunn Hemp: 40 libras kada akre  
Buckwheat: 60 libras kada/akre  
Oats: 70 libra/kada akre

**Pagtatanim ng Punla:** Sa mga maliliit na bukirin o kung gagamitan ng salit-salit na halamanan, ang punla ay maaring ihasik sa pamamagitan ng kamay o isasabog na gamitan ng makinaryang pagkakat ng binhi/pataba. Sa mga malalaking bukirin, ang isang mekanikal na pagsabog (mga pagkakat ng binhi/pataba na nakasakay sa traktora) at/o pagpunpunla ay maaring mas matipid.

**Paghahalo:** Kinakailangan na may sapat na pagdidikit ng punla sa lupa kaya ang pinakamabuti na ihalo agad ang punla sa lupa pagkatapos na maikalat. Sa maliit na mga bukid o hilera, magagawa ito na gagamitan ng isang kawing-kawing na kadenang bakod na hilain ng isang 4-wheel drive o ATV (all terrain vehicle) o kaya kalaykayin ang lupa sa ibabaw ng punla. Sa malalaking bukid, mairekomenda ang paggamit ng magaanng suyod na hindi babaon ng mas mahigit sa isang pulgada.

**Mga Pangangailangan sa Talaarawan at Paatubig:** Kung ang mga binhi ay maipupunla bago tag-ulan (gitna ng Oktubre hanggang gitna ng Abril), hindi kailangan ang patubig sa alin man sa mga nabanggit na pananim panaklob. Sa mga buwan ng tag-araw, kailangan ang patubig. Nota: . kung ang sunn hemp ay maitatanim sa pagitan ng Setiyembre at Disyembre, ito ay mabilis na mamulaklak (karaniwan sa loob ng 6 na linggo pagkatapos itanim). Ito ay kanais-nais para sa pagbibinhi. Dagdag pa, ang mga tanim na sunn hemp ay lalong maikli sa panahon ng Setyembre-Disyembre bilang tugon sa pamumulaklak nila. Ang mga sunn hemp na maitanim sa pagitan ng Enero at Agosto ay magiging matangkad (higit sa 5 talampakan) at madadagdagan ang gamit niya bilang pamasag-hangin. Karaniwan, ang buckwheat at oats ay hindi nagiiiba kahit sa anong tiyempo ng pagtatanim.

**Pagsisibol at Pagkapagtatag:** Sa tatlong uri nga pananim panaklob, ang tiyempo na magiging matatag na ang tanim ay halos 7-10 araw pagkatapos na maulanang mahigit na 0.5 pulgada. Ang sunn hemp ay sisibol sa loob ng 24 oras. Ang buckwheat at oats ay sisibol sa loob ng 72 oras pagkatapos na madiligan.

**Pangangasiwa:** Pangkaraniwan hindi masyadong kailang ang pangangasiwa. Kapag ang halaman ay naitanim na at nadiligan, ang pinakamabuti ay pabayaang lang. Walang pataba, walang patubig, at walang kailangang gawin na pamuksa ng peste. Ang pagbabawas ng pangangasiwa ng pananim panaklob ay isang pagbabawas din ng mga gastusin kaya ito ay magiging kaaya-aya sa mga magtatanim.



**Tumubo nang buckwheat**



**Binhi ng buckwheat**



**Tumubo nang Oats**



**Binhi ng Oats**



**Sunn Hemp sa pagitan ng mga papaya**



**Binhi ng Sunn Hemp**